nystateofhealth™
The Official Health Plan Marketplace



Qualified Health Plan Sa Isang Sulyap

SINO ANG KWALIPIKADO?

MGA INDIBIDWAL NA:

- Mga residente ng New York State
- Legal ang presensiya sa U.S.
- Hindi kwalipikado para sa Medicaid, Essential Plan o Child Health Plus

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na pederal na batas para sa mga karapatang sibil at mga batas ng estado, at walang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pinaniniwalaan/relihiyon, kasarian, edad, katayuan sa pagpapakasal/pamilya, rekord ng pag-aresto, (mga) kriminal na paghatol, pagkakakilanlan ng kasarian, seksuwal na oryentasyon, mga naghahantad na katangiang namana o buhat ng mga gene, katayuan sa militar, katayuan ng pagiging biktima ng karahasan sa tahanan at/o paghihiganti.

ANO ANG SINASAKLAWAN?

- Libreng pangangalaga para makaiwas sa sakit
- Inpatient care (Pangangalaga sa pasyenteng kailangang mamalagi sa ospital)
- Outpatient services (Mga serbisyo sa pasyenteng hindi kailangang mamalagi sa ospital)
- Pangangalaga para sa pagbubuntis at bagong silang
- Mga serbisyong pang-emergency
- Laboratoryo at imaging
- Mga inireresetang gamot
- Mga serbisyo para sa rehabilitasyon at pagpapagaling
- Mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip at para sa karamdamang buhat ng labis na paggamit ng droga
- Mga serbisyo para sa kagalingan at pangangasiwa sa hindi gumagaling na sakit
- Serbisyo sa ngipin at paningin para sa mga bata

Ang serbisyo sa ngipin at iba pang benepisyo para sa nasa hustong gulang ay maaari ding masaklawan ng ilang plano.

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:

nystateofhealth.ny.gov | 1-855-355-5777 o TTY 1-800-662-1220

MAGKANO ANG HALAGA NG QUALIFIED HEALTH PLAN (QHP)?

MGA BUWANANG PREMIUM: Ang halagang binabayaran mo sa bawat buwan ay ibabatay sa plan na pinili mo. Maraming tao ang kwalipikado sa mga tax credit (kredito sa buwis) na nagpapababa sa buwanang gastos mo. Kinakalkula ang mga tax credit batay sa iyong kita, laki ng sambahayan, at kung saan ka nakatira.

COST SHARING (HATIAN SA GASTUSIN): Ang cost sharing ay ang halagang binabayaran mo kapag kumuha ka ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Kwalipikado rin ang ilang tao na kumuha ng tulong sa pagbabayad ng mga gastos na ito, batay sa kanilang kita. Nasa ibaba ang mga halimbawa ng antas ng cost sharing ng QHP para sa mga karaniwang planong iniaalok sa apat na antas. Ang ibang plano ay makukuha nang may ibang cost sharing at mga karagdagang saklaw na serbisyo.

COST SHARING PARA SA MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN	PLATINUM	GOLD	SILVER	BRONZE
Taunang Kinakaltas	$0	$600	$2,100	$4,600
Pangangalaga para Makaiwas sa Sakit	Libre	Libre	Libre	Libre
Pagpapatingin sa Doktor para sa Pangunahing Pangangalaga*	$15	$25	$30	$50
Pagpapatingin sa Espesyalista*	$35	$40	$65	$75
Pamamalagi ng Pasyente sa Ospital sa bawat pagpapaospital	$500	$1,000	$1,500	$1,500
Pagpapatingin kaugnay sa Kalusugan ng Pag-uugali para sa Outpatient*	$15	$25	$30	$50
Inpatient na Pagbisita para sa Kalusugan ng Pag-uugali sa bawat pagpapaospital	$500	$1,000	$1,500	$1,500
Emergency Room	$100	$150	$500	$500
Agarang Pangangalaga	$55	$60	$70	$75
Pisikal na Therapy, Therapy sa Pananalita, Occupational Therapy	$25	$30	$30	$50

* Nagbibigay ang lahat ng Standard Bronze plan para sa 2024 ng kabuuang tatlong pagpapatingin sa mga provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP) o espesyalista na hindi sasailalim sa deductible; naaangkop ang mga co-payment para sa mga pagpapatingin na ito. Kasama rito ang mga pagpapatingin kaugnay sa kalusugan ng pag-uugali para sa outpatient.
* Nagbibigay ang lahat ng Standard Bronze plan para sa 2024 ng isang pagpapatingin sa provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP) o espesyalista na hindi sasailalim sa deductible; naaangkop ang mga co-payment para sa mga pagpapatingin na ito. Kasama rito ang mga pagpapatingin kaugnay sa kalusugan ng pag-uugali para sa Outpatient.

COST SHARING PARA SA MGA INIRERESETANG GAMOT	PLATINUM	GOLD	SILVER	BRONZE
Generic	$10	$10	$15	$10
Pinipiling Brand	$30	$35	$40	$35
Hindi Pinipiling Brand	$60	$70	$75	$70